Protips: What It Takes to Win (January 14, 2009)
Maloi Malibiran-Salumbides

Last night, my daughter said, “Mama, what dance-able music would I bring to our dance competition in school tomorrow?” Medyo nagpanic ako, because when I read their assignment to think of dance moves and bring a dance-able CD to school, I didn’t realize that it was well, a friendly competition in school. Bigla kaming naghagilap ng CD, at nag-brain storm para sa mga dance steps.

Kahit si Yaya Liza ay inilabas ang husay niya sa pag-indak para maka-buo kami ng dance routine for Bea. After completing the steps and practicing several times, Bea said, “I wish I’d win our dance competition in school tomorrow?”

I didn’t mind her comment that much, but when I when to the bathroom, I realized that, “Hey, this is a teachable moment for Bea about what it takes to win!”

So I called Bea and shared with her the following about winning:

“Winning is not something that you wish for. Winning is something that you work hard for.”

1) **Winning requires your 3 Ps or 3 Ts (Panahon, Pagod at Pera o Time, Talent & Treasure).** Lahat ng mga nananalo, naglalaan ng panahon, pagod at pera para magwagi. Pera hindi para mamili ng boto ha. But come to think of it, kahit yung mga sumasali sa mga TV game shows halimbawa (I’m not saying na pabor ako dito), pero kahit sila ay gumagastos para sa pamasahe, pagkain nila para lang makapila at mapili sa TV game show na gusto nilang salihan.

2) **Winning requires hard work & intense discipline.** Winning athletes like Manny Pacquiao, Tiger Woods, Michael Jordan, ilang taon na matinding pag-eensayo ang ginugol nila para marating ang legendary status nila sa kanikanilang piniling larangan ng sports.

3) **Winning requires sacrifice.** Lahat yata ng mga nagwawagi, ay may sakripisyong ginagawa. Kapag naghahanda na sila para sa isang laban, kailangan ng matinding focus sa training kaya nga ang iba sa kanila'y panandaliang isinasakripisyo ang panahon sa pamilya, humihiwalay muna, para makapagconcentrate sa kanilang training. Naalala ko noong interviewhin si Lea Salonga noong bago pa lamang siya sa Miss Saigon, tinanong siya kung paano niya pinapangalagaan ang kanyang tinig, ang sabi niya kailangan niyang i-give-up ang malamig na tubig at ice cream. Naalala ko rin nung nagsisimula akong sumali sa mga declamation and oratorical contests. I had to cut down on my sleeping and recreation time para maglaan ng mas mahabang panahon sa practice. Ang tatay ko ang aking coach at talaga naming umaga bago pumasok at sa hapon hanggang gabi bago matulog ay nag-eensayo kami ng mga declamation pieces ko. Winning requires sacrifice.

4) **Winning requires endurance.** Walang nagwawagi na agad na umaayaw. The difference between someone who just works hard and someone who wins is this, some of us may be working hard, pero pagnahirapan, umaayaw na. Yung mga nagwawagi, hindi lang sa simula nagtatrabaho ng mabuti, ipinagpapatuloy nila ito hanggang matapos ang dapat tapusin.

Hindi ko alam kung ano ang magiging resulta ng dance competition nila Bea, but I'd sure be very happy kung maisasapuso ng aking anak ang mga naibahagi ko sa kanya tungkol sa pagiging winner.